



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

TAYO'Y PAPUNTA LAHAT SA ALLAH

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Anzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwalin wal Akhirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Shaykh Abdullah Daghestani, Shaykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sobba, wal khayru fil jamiyya.*

Sabi ng Allah Azza wa Jalla “Ang kalawakan ay laging gumagalaw.” Ang ating mundo ay umiikot at patuloy na umuusad. Ganoon din ang buwan at mga bituin. Sabi ng mga Ulama sa siyensya gumagalaw sa ganoong bilis ang mundo at ang kalawakan. Akala natin di gumagalaw ang mundo pag nakaupo lang tayo sa isang tabo. Ito’y umiikot sa nakatakandang bilis nito, ang Rotasyon at Rebolusyon ng Mundo. Di lang ang ating Solar System ang gumagalaw, kahit ang mga bituin ay gumagalaw(Paglaki o Expansion of the Universe sa agham ng Pisika).

Hindi lang ang mga Ulama ng Agham ang namamangha dito. Kanilang patuloy na tinatanong saan papunta ang paglawak ng kalawakan at pag-usad ng mundo. Ang di nila alam itong pag-usad, pagdaan ng oras ay papunta sa Yawmul Qiyama. Magbabalik lahat sa Allah. Ang lahat ng nakikita natin ngayon kahit mga bituin ay mawawala sa Yawmul Qiyama. Ngunit laging tandaan na ang Allah azza wa jalla ang tagalikha at kayang maglikha ng ibang mundo.

Kailangan nating makakuha ng aral mula sa lahat ng bagay. May mga tao na nagkakagulo sa mga iba’t ibang bagay. Nagtatanong sila “Saan papunta ito? Anong nangyayari?” Sasabihin nila “May isang daang malalaking bato sa kalawakan na kapag tumama sa isang syudad masisira ng husto ang syudad na iyon.” “Anong dapat nating gawin? Tayo’y maghanda doon at protektahan ang sarili nain.” Hindi nila alam na kung nasa pangangalaga nila ang Mundo, matagal ng masisira ang Mundo. Ang lahat ng ito’y nasa kamay ng Allah. Nasa nakatakandang kalkulasyon. Maganda ang pagkagawa niya. Pero pag dumating na ang oras, ito’y sasabog at mawawala lahat. Naghihintay ang lahat ng utos ng Allah azza wa jalla.

Maraming tao ang takot na maaaring may mahulog na malalaking bulalakaw sa ulo natin. Iniisip nila na kapag nahulog ang isa mabubura ang isang syuda, bansa o kapag malaking bulalakaw mawawala ang mundo. Tinatakot nila ang tao at ginugulo lamang.



Sohbats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

Ito'y isang aral na ang lahat ay nasa kamay ng Allah. Mangyayari ang lahat kung kailan gusto ng Allah at magsisimula ang Yawmul Qiyamah. Sila'y natatakot at nagkakagulo dahil wala silang iman.

Sabi ng mga nakakatanda: Tayo'y nakasakay sa isang palatandaan, papunta tayo lahat sa katapusan. Ito ang punto ng lahat ng bagay. Papunta tayo lahat sa Allah. Kaya ang mga Mu'min ay walang takot. Ang isang Mu'min ay may takot lamang sa Allah. Wala ng takot kapag iyong sinunod ang utos na sinabi ng Allah. Nawa'y bigyan tayo lahat ng Iman at Yaqin na iyon In Sha Allah.

Wa Minallah at-Tawfeeq. Al-Fatiha.

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
6 October 2016/5 Muharram 1438
Sabah Namaz, Akbaba Dargah

1. 'Alama
2. Qiyama
3. Faith
4. Yaqeen